

PROLOGUE

Habang naglalakad-lakad sa munti at masayang baranggay ng San Rafael, nakita ni Moonlee ang mga bata sa open court na naglalaro ng Chinese garter. Naisipan niyang makisali. After all, at the age of sixteen, she still felt young at heart. Titira na sana siya nang biglang taasan ng mga bata ang garter, lampas sa ulo ng mga ito, at dahil maliit siya sa taas na 4'9", hindi niya iyon kaya. Hindi rin kasi siya marunong mag-tumbling. Hindi siguro siya napansin ng mga ito.

“Ay, parang ayaw akong patirahin,” pabirong pagtatampo niya. Magiliw sa kanya ang mga bata roon dahil lahat ng mga ito ay kilala niya. “Hindi n’yo ako mahal,” dugtong pa niya.

Nagtinginan sa kanya ang mga bata at tila hindi alam ang gagawin.

“Mahal kita, Moon,” biglang sabi ni Paris na naroroon pala, nakikipaglaro rin sa mga bata. Nangingislap ang mga mata nito habang nakatingin sa kanya.

Hindi niya alam kung ano ang gagawin, pero alam niyang nakabuka ang kanyang bibig dahil sa

pagkagulat.

Binalingan ng lalaki ang mga bata. “O, patirahin n’yo si Moonlee.”

Malakas na naghiyawan ang mga ito—delayed reaction—at pinatira siya nang isang beses.

Sinubukan niyang mag-concentrate upang makaisip ng paraan kung papaano maaabot ang Chinese garter nang hindi nagta-tumbling, ngunit na-distract siya.

“Mahal kita, Moonlee!” sigaw ni Paris.

“Baliw ka talaga, Kuya Paris!” malakas na sabi ng batang si Angel.

“Baliw na baliw!” Nakatingin ito sa kanya habang nagsasalita.

“Baliw na baliw ka sa mga bata?” pabirong tanong ng pinsan ni Paris na si Ervin.

“Kay Moonlee ako nakatingin,” tanging sabi nito. Muling naghiyawan ang mga tao sa paligid.

Nagsimula na siyang bumuwelo upang tumira, ngunit sadyang hindi siya binigyan ng talent sa ganoong laro... Hindi na naman niya naabot.

“Okay lang ’yan,” ani Paris. “Labs ko pa rin siya.”

Hindi na yata niya kayang manatili sa lugar na iyon dahil nagkukulay-kamatis na ang mukha niya. Nagpaalam siya sa mga bata at mabilis na naglakad pauwi.

“Inuulit ko, mahal kita, Moonlee!” deklara ng binatilyo na hindi na niya nilingon.

Mahal kita, Moonlee... Hindi niya makakalimutan ang sinabing iyon ni Paris. Nagmartsa siya pauwi nang may ngiti sa mga labi.

Nagising si Moonlee ng boses ng flight attendant na nag-aanunsyong sa ilang minuto ay lalapag na sa Maynila ang eroplanong sinasakyan niya. Heto na naman... muli siyang dinadalaw ng alaala ng una at huling lalaking inibig niya... ang lalaking nag-iwan sa kanya ng legacy sa larangan ng photography.

Tumuwid siya nang upo at nilingon ang katabing si Bella, ang nag-iisa niyang kapatid.

“Ate,” tawag nito, “are you okay?”

Marahan at pilit siyang tumango. “Yeah...” Bumuntong-hininga siya. Pagkaraan ng sampung taong pamamalagi sa France, heto na siya ngayon at nakabalik sa bayang sinilangan. Hindi siya sigurado kung ano ang kapalaran na naghihintay sa kanya.

Sinundo sina Moonlee at Bella ng Tiya Ditas nila kasama ang mga pinsang sina Donna at Lenny at ang ama ng mga itong si Tiyo Rogelio. Sakay ng family van, dederecho sila sa kung saang restaurant para kumain muna bago umuwi sa bahay na nabili ng mga magulang nila sa isang subdivision na nasa pangangalaga ng mga kamag-anak.

“Ang tagal n’yong nawala, Moon,” ani Donna sa kanya.

Simula noong sampung taong gulang siya at limang taong gulang si Bella, iniwan na sila ng mga magulang sa Tiya Ditas at Tiyo Rogelio at nagtrabaho ang mga ito sa France. Taun-taong umuuwi ang mag-asawa kaya hindi rin sila nagkaroon ng hinanakit sa mga ito. Nang maka-graduate siya ng high school, kinuha na siya ng mga ito upang doon na mag-aral. Pagkatapos ng dalawang taon, sumunod si Bella. Tuluyan na nilang nilisan ang San Rafael at hindi na nakabalik pa.

“Hindi nga namin namalayan, eh,” tanging sabi niya. Parang napakabilis ng sampung taon. Masyado lang siguro siyang abala sa pag-aaral at trabaho. Halos wala siyang social life noong naroroon siya sa France. At hindi niya namalayang natapos na pala niya ang kursong French Language sa *American University of*

Paris. Nag-take din siya ng ilang subjects sa kursong Film Studies ngunit sa halip na ipagpatuloy iyon, kumuha siya ng short courses sa Photography at iyon ang naging forte niya.

Ngayong nasa Pilipinas na siya, gusto niyang ibahagi sa iba ang kanyang interes sa larangang iyon. Pumayag siya sa offer ng ilang malalaking tao sa larangan ng industriya nang mai-feature sa French magazine ang mga larawan ng isang socialite sa araw ng kasal nito na siya mismo ang kumuha. Napukaw niya ang atensyon ng mga kapwa Pilipino, sa Pransya man o sa Pilipinas. Ngayon, magiging isa siyang freelance photographer sa dami ng gustong kumuha sa kanya.

“Moon, first love mo, o!” eksaheradang sabi ni Lenny, sabay turo sa isang malaking billboard sa dikalayuan. Tiyempo namang huminto ang sasakyan dahil sa traffic.

Tiningala niya ang malaking billboard... at parang gusto niyang maiyak nang makita ang mukhang naroroon... si Paris Sy, ang lalaking dahilan ng kanyang pag-uwi... ang lalaking nilalaman pa rin ng kanyang puso at isipan sa loob ng maraming taon... ang unang lalaking nagpatibok ng kanyang puso... ang kanyang first and last boyfriend....

1

Ten years ago...

“Two less lonely people in the world, and it’s gonna be fine. Out of all the people in the world, I just can’t believe you’re mine... In my life where everything was wrong, something fin’lly went right. Now there’s two less lonely people in the world tonight...”

Masayang nakikipagsabayan si Moonlee sa mga tao sa sports complex kung saan kasalukuyang ginaganap ang isang concert. Halos lahat ay puno ng energy at napapahiyaw sa magagandang tinig ng *Beyond Boundaries o BB*, ang all-male Filipino vocal trio na sina Nathan Fortez, Pierre Tan at Johnny Dizon. Walang orihinal na kanta ang nasabing grupo, ngunit nabibigyan nila ng katarungan ang mga awitin ng national at international artists, mapa-pop, rock, ballad o classical. Tila hinaharana ng mga ito ang audience tuwing aawit. At tila lalong nagiging emosyonal si Moonlee nang awitin ng *BB* ang ilan sa mga awiting pinasikat ng *Air Supply* na isa sa mga paborito niyang banda.

Matagal na niyang pangarap na makapanood ng live concert ng *BB*, kaya hindi siya nagdalawang-isip na

paghandaan nang husto ang concert na iyon. Tinapos niya nang maaga ang lahat ng assignments niya sa paaralan at ang mga bagay pa na kaya na niyang ayusin. Pinaghandaan din niya ang budget para sa ticket ng mga taong niyaya niyang makasama para sa concert. Labis siyang nag-e-enjoy sa konsyertong iyon, kaya hindi niya ininda ang pagod at gastos. Walang-sawa siyang nakikipagsabayan sa awitin at hiyawan ng mga tao.

Napansin niya ang isang lalaking nakatayo ilang hakbang mula sa kinaroroonan niya. Matangkad ito, nakasuot ng collared shirt, pantalon na maong at rubber shoes. Mayroon pa itong ID na nakasabit sa leeg at malaking backpack. Hindi maitatangging college student ito. Naka-sideview ito sa kanya, tahimik na nagmamasid at ngumingiti-ngiti lamang.

Mayamaya ay may kinuha ito sa backpack, isang professional camera at nagsimulang kunan ng litrato ang nagaganap na concert. Hindi lang ang *BB* ang kinukunan nito ng larawan kundi maging ang mga tao sa paligid... at nagulat siya nang matutok sa gawi niya ang camera. Kahit hindi niya nakikita ang sarili sa salamin, alam niyang nanlaki ang may pagkasingkit niyang mga mata at tila binuhusan siya ng malamig na tubig.

Natigilan din ang lalaki nang makita yata siya. Inilayo nito sa mukha ang camera at napatitig sa kanya. Noon lang malayang napagmasdan ni Moonlee ang kabuuan ng mukha nito. Square-shaped ang mukha ng estranghero, medyo makapal ang wavy na buhok pero nasa ayos, singkit ang mga mata na parang Chinese, maputi, makinis at matangos ang ilong. Malapad din ang noo nito na mas nakadagdag pa sa appeal. Tanya niya ay nasa six feet ang taas ng lalaki at kahit tama lang ang fit ng suot nitong shirt, alam niyang athletic ang pangangatawan nito.

Nginitian siya ng lalaki. Mas gumuwapo ito sa ginawang pagngiti sa kanya at hindi niya alam kung ano ang magiging reaksyon. Naisip niyang mukha na siyang tanga dahil alam niyang nakatulala pa rin siya, kaya nahihiyang sinuklian niya ang ngiti nito. Saka naman nag-click ang camera sa harapan niya.

Samantala...

Napapangiti si Paris habang pasulyap-sulyap sa babaeng nakatayo sa di-kalayuan. Medyo maliit lang ito, may mahaba at unat na buhok, singkit at morena. She was not as beautiful as the other ladies. Instead, she was so simple and childlike and he really found her cute and innocent. Muli siyang napangiti.

Cute. Cute nga ang babaeng ito. Walang pagod

The Heart Of Paris - Fely Umali

itong nakikipagsabayan sa pag-awit, hiyawan at palakpakan ng mga tao sa concert grounds. Muli niyang in-on ang camera at kinunan pa ito ng ilang larawan.

Ilang minuto pa ang lumipas, nahuli niyang sumulyap na naman ito sa kanya. Waring nahihiya pa nang makitang nakatingin din siya rito. Humakbang ito palayo sa kanya at itinuon ang atensyon sa entablado.

Binubusog ni Paris ang mga mata sa magagandang tanawing nadadaan habang nakasakay sa skates papunta sa liblib na Brgy. San Rafael, Pamplona, Camarines Sur. Hawak niya ang camera at panay ang pagkuha ng larawan kung saan-saan. Maging ang skates kanina na nasa riles ay kinunan niya sa iba't ibang anggulo dahil iyon ang pinakaunang beses na nakakita siya ng ganoon sa personal. Iyon lang ang mode of transportation papunta sa San Rafael kung saan nakabili ng lupain ang lola niyang retirado na.

Iyon ang magiging pinakaunang bakasyon niya sa nasabing lugar. Kabibili lamang ng kanyang abuela ng nabanggit na lupain dalawang buwan na ang nakakaraan at matatapos pa lamang ang ipinagawang bahay roon. At dahil mas gusto niyang kasama ang

abuela kaysa sa mga magulang, pinili niyang doon magbakasyon.

Huminto ang skates sa harapan ng isang malaking arko na may nakasulat na *Welcome to Brgy. San Rafael*. Kinuha niya ang mga gamit at bumaba. Nakaabang na malapit sa arko ang mga pinsan niyang sina Ervin, Mark at Gab na nauna sa kanya ng isang araw sa pagdating. Masaya nilang binati ang isa't isa. Alam niya, simula na iyon ng masaya niyang summer vacation.

Nadatnan ni Moonlee sa labas ng barangay hall ang tiyahin na kausap si Lola Liza—ang pinakabagong residente sa kanila—at apat pang mga binatilyo. Naroroon siya upang ihatid ang papeles ng tiyahin niyang barangay kagawad para sa session nang umagang iyon; naiwan kasi iyon sa bahay nila. Papalapit siya nang maglingunan ang mga ito sa kanya. Napako naman ang atensyon niya sa mga lalaki. Ang isa ay medyo maitim, wavy ang buhok at tama lamang ang tangkad. Ang isa ay payat, nakaistilo ang buhok, maputi at medyo kirat ang kaliwang mata pero guwapo at narinig niyang nagsasalita ng Ingles. Ang ikatlong lalaki ay medyo payat din, maputi ngunit may pimples at hindi singkit.

At ang huli ... muntik na siyang matisod nang makita ang ikaapat na lalaki. Matangkad ito, maganda ang pangangatawan, pinakamaputi sa apat at singkit, wavy ang buhok ngunit nasa ayos at medyo malapad ang noo...

Ang lalaking nakita niya sa concert ng *BB!* Hindi niya nakalimutan ang mukha nito kahit pa isang linggo na ang nakakalipas. Laman ito ng isipan niya sa loob ng ilang araw. Hindi niya inaasahang muli silang magkikita at sa San Rafael pa!

“Andito na pala’ng hinihintay ko,” anang tiyahing si Kgd. Ditas Moldez nang makalapit siya.

Nagmano siya kay Lola Liza. “Magandang umaga po.”

“God bless you,” sabi naman nito. “Andito na’ng mga apo ko...” Binalingan nito ang apat na lalaki at ipinakilala. “Sina Ervin, Gab, Mark at Paris.”

Si Ervin ang maitim na wavy ang buhok, si Gab ang Ingliserong payat, si Mark naman ang matangkad na may pimples at si Paris ang pinakaguwapo sa lahat.

“H-hello po,” nahihiyang bati niya sa apat na lalaki. Sa tingin niya ay mas matatanda ang mga ito sa kanya.

“Si Moonlee,” ani Lola Liza sa mga ito. “Pamangkin siya ni Kgd. Ditas.”

“Moonlee?” tanong ni Paris. Gusto niyang mahimatay nang marinig ang suwabeng boses nito at nasilayan ang nakangiting mukha. “S’an galing ang pangalan mo?” Mukhang interesado itong malaman base sa tinig nito.

Ngumiti siya. “Favorite Chinese actress ng mga magulang ko si Moon Lee. ‘Moon’ ang pangalan, ‘Lee’ ang apelyido.”

“‘Moonlee Leciel’ ang pangalan niya,” anang tiyahin. “*Le ciel* in French means ‘of the sky’. Kaya siya si *Moonlee of the sky*.”

Bahagyang tumawa ang apat na lalaki. Halatang amused sa pangalan niya.

“Ang tindi mo naman... Sinakop mo na ang kalangitan!” biro ni Paris.

Kung ibang tao ay matatawa siya sa narinig, ngunit dahil si Paris iyon—ang lalaking kanyang pinagpapantasyahan—hindi niya magawang tumawa. Nakayuko lamang siyang ngumiti dahil nahihiya siya. Ayaw niyang makita ng mga taong nagba-blush siya.

“Ikaw talaga, Paris...” narinig niyang sabi ni Lola

Liza. Nag-angat siya ng tingin at nakitang umiiling-iling ito. Bumaling ito sa kanya. “Pagpasensyahan mo na’ng mga apo ko. Ganyan talaga sila, masyadong mga mapagbiro.”

“Aayos lang po,” magalang niyang sagot. “Mauna na po akong umuwi. May ginagawa po kasi ako sa bahay.”

Tumango ang matanda, nagpaalam siya sa mga ito. Nakahakbang na siya palayo nang tawagin siya ng tiyahin. “Moon!”

Nilingon niya ito. “Bakit po?” tanong niya sa pangalawang ina. Mga anak na ang turing sa kanila ng mag-asawang Ditas at Rogelio Moldez. Kapatid ng tiyahin niya ang kanyang ina. Nasa ibang bansa ang tunay nilang mga magulang na taun-taon namang umuuwi.

“Tumawag kanina ang mommy mo. Mag-chat daw kayo mamayang alas diez.”

Tumango siya. “Opo. Salamat po.” Tuluyan na siyang humakbang palayo. Kahit medyo liblib ang baranggay nila at mahirap ang transportasyon, hindi naman sila napag-iiwanan ng teknolohiya kaya regular na nilang nakakausap na magkapatid ang mga magulang nila.

Sinamantala ni Moonlee ang bakasyon. Nanatili lamang siya sa bahay at madalas nilang maka-chat ng bunsong kapatid na si Bella ang mga magulang na nasa France. Madalas din silang tumulong sa mga gawain nina Tiya Ditas at Tiyo Rogelio at sa mga anak nitong sina Donna at Lenny.

“Moon, pakidala mo nga itong pagkain sa lola mo,” pakiusap sa kanya ng tiyuhin, sabay abot sa pagkaing nasa lalagyan. Malapit lang ang bahay ng maternal grandparents niya at kung minsan, doon sila tumatambay. Kaagad siyang tumalima.

“Ate, sama,” sabi ni Bella.

Magkasama sila ng kapatid na naglalakad papunta sa bahay ng abuela nang pasimpleng hinanap ng mga mata niya si Paris sa paligid. Nakita niya sa basketball court si Mark na naglalaro kasama ang ilang kabataan. Sina Ervin at Gab naman ay nakikipaghabulan sa mga bata. Wala si Paris.

“Moonlee!”

2

Talo pa yata niya ang binuhusan ng yelo nang marinig ang tinig na iyon mula sa kanyang likuran. Dahan-dahan siyang lumingon upang tiyakin na hindi siya nananaginip. Nakita niya si Paris na malalaki ang hakbang na naglalakad palapit sa kanya. Malapad ang ngiti nito.

Para siyang ramp model, shucks!

“Hi!” nakangiting bati nito.

“H-hi...” bati rin niya na hindi pa rin mapakaling naroroon ang lalaki sa harapan niya. Malakas ang kabog ng kanyang dibdib. Parang hindi mapakali ang buong sistema niya. Mahigpit niyang hinawakan ang dalang lagayan ng pagkain sa takot na baka mabitawan niya iyon kapag mas lumapit pa si Paris.

Nakita niyang nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanila ni Bella. Madalas na ganoon ang reaksyon ng mga tao kapag magkasama silang magkapatid dahil para silang pinagbiyak na buko. Hindi maikakailang magkapatid sila. Ngumiti sa isa’t isa sina Paris at Bella.

“Ah, si Bella pala, kapatid ko...” aniya na hindi

pa rin nakakabawi nang husto sa pagkakagulat.

“Hello, Starlee,” magiliw na bati ni Paris.

“Starlee?” magkasabay nilang tanong ng kapatid.

Marahan itong tumawa. “Ikaw si Moonlee,” sabi nito sa kanya, “kaya ang kapatid mo ay si Starlee.”

Natawa sila ni Bella nang makuha ang gusto nitong sabihin. Mayamaya lamang ay kasabay na nila itong naglalakad. Napagtanto ni Moonlee na malaya na siyang nakakatawa at nakakangiti, hindi tulad kanina na pilit lamang. She smiled sheepishly. She was looking forward to be with Paris for at least the entire summer.

At nagkatotoo nga ang inaasam niyang makasama ang lalaki nang bakasyong iyon. Hindi ito umaalis ng baranggay at madalas niyang makitang naglalaro ng basketball kasama ang kalalakihan sa lugar nila. Kung minsan ay pareho silang tumatambay sa open court na nasa tabi lamang ng bahay nila at nakikisali sa Chinese garter o patintero ng mga bata. Nakakapagkuwentuhan din sila at marami siyang nalaman tungkol dito.

Pareho pala silang nag-aaral sa Naga City. Si Paris ay incoming third year college na sa kursong AB Development Communication sa *Ateneo de Naga*

at kasama nito sa tinitirahang apartment ang mga pinsang sina Ervin, Gab at Mark na nasa kolehiyo na rin. Malapit lang ang paaralan at tirahan ng mga ito sa kanya dahil nag-aaral naman siya sa *Sta. Isabel*, isang exclusive school para sa kababaihan at tumutuloy siya sa dormitory na malapit sa paaralan. Malapit na malapit ang mga paaralan at mga tirahan nila. Isang kanto lamang ang layo. Masaya si Moonlee na malaman iyon dahil ibig sabihin, kapag naging magkaibigan sila ni Paris sa bakasyong iyon, maaari silang magkita nito sa Naga kapag pasukan na naman.

Mayroon itong sense of humor. Madalas siya nitong biruin, pati na rin ang kanyang kapatid, mga pinsan niya at mga bata sa lugar nila. Gayunpaman, hindi siya na-turn off dito. Isang linggo na rin ang lumipas nang aminin niya sa sarili na lihim nga niya itong itinatangi. Ngunit alam niyang bata pa ang kanyang puso at hindi pa siya maaaring umibig.

Hindi mapakali sa loob ng bahay si Moonlee. Napanaginipan niya kaninang madaling-araw si Paris at hindi na ito naalis sa isipan niya. Para siyang hinihila palabas ng bahay upang makita ang binatilyo. May isang parte ng isip niyang nagsasabing huwag niya itong hanapin at hayaang kusa silang magkita.

Pero sinuway niya iyon.

“Starlee, pupunta lang ako kina Lolo,” paalam niya kay Bella na nanonood ng TV. Si Paris ang nagpauso ng pagtawag kdito ng ‘Starlee’ kaya sikat na ang kapatid niya sa ganoong pangalan.

Tinahak niya ang daan papunta sa bahay ng abuelo at abuela. Nadaanan niya ang bahay ni Lola Liza. Wala siyang nakitang tao. Dumaan naman siya sa basketball court. Hindi rin niya nakita si Paris. Nakadama siya ng lungkot.

Pagdating sa bahay ng matatanda, nadatnan niya ang abuela na naghahanda ng pagkain para sa lolo niyang nasa palayan daw sa kabilang riles. Inutusan siya nitong dalhin iyon sa asawa at sa mga kasama. Kaagad naman siyang tumalima.

Pinili niyang dumaan sa open court at nakita si Ervin na nakikipaglaro sa mga bata, si Gab ay nanonood ng basketball at si Mark ay naglalaro sa court. Hinahanap ng mga mata niya si Paris, ngunit wala talaga ito.

“Ate Moon, sali ka sa ‘min,” yaya ni Angel na naglalaro ng Chinese garter.

“Ayoko,” pabirong sabi niya at biglang nakaisip ng paraan upang malaman kung nasaan si Paris.

“Baka awayin na naman ako n’ung nagpapanggap na mabait.” Madalas sabihin ni Paris—nang may kahalong pagmamayabang—na mabait ito at kinokontra naman niya.

“Wala, umuwi sa parents niya sa Legazpi,” sabi ni Ervin na narinig pala siya. “Wala ka nang kaaway simula ngayon.”

Kunwa ay hindi niya pinansin ang sinabi nito at derechong naglakad palayo. Umuwi na pala si Paris. Makikita pa kaya niya ito? Kailan?

Lumipas ang mga araw, hindi na nakikita ni Moonlee ang mukhang lihim niyang hinahanap-hanap. Babalik pa kaya ang lalaki sa San Rafael? Ayaw niyang magtanong sa lola at mga pinsan nito. Nahihiya siya. Hindi na lang niya ipinapahalatang malungkot siya na wala si Paris.

Palabas pa lamang ng bakuran nila si Moonlee, mayroon siyang makitang lalaking nakasuot ng yellow t-shirt, brown cargo shorts at nakatsinelas. Matangkad ito, medyo singkit ang mga mata, nakaistilong patayo ang buhok at square-shaped ang mukha. Hindi niya alam kung paano magre-react nang magsalubong ang mga tingin nila, lalo na nang

ngitian siya nito at muli niyang makita ang pantay at mapuputing ngipin ni Paris.

“Hi, Moon!” masiglang bati nito.

Tipid na ngiti lamang ang isinukli niya at magkasabay silang naglakad. “Ilang araw kang nawala,” simpleng sabi niya.

“Oo nga. Pinauwi kasi ako ng parents ko. Pero alam mo, ayaw ko nang um-absent...”

Napaisip siya sa sinabi nito tungkol sa pag-absent. Saan? Pero bago pa man siya makapagtanong ay dinugtungan na nito ang sinabi.

“Gusto ko, laging present sa paningin mo.”

Marahan siyang natawa at umiling-iling. Hindi niya ipinahalatang kinikilig siya.

“Hindi na talaga ako a-absent sa paningin mo. Dito na lang ako hanggang matapos ang bakasyon.”

Hindi na siya umimik hanggang sa lumiko sila sa bahay ni Lola Liza. Nagulat si Paris dahil hindi nito inaasahang doon din siya pupunta. Inutusan lang kasi siya ng tiyahin na mag-relay ng mensahe sa matanda. Nang magpaalam siya ay binuksan pa ng binatilyo ang pinto ng bahay para sa kanya.

“Grabeng pagbabalat-kayo mo!” kanyaw niya rito.

“Hindi naman. Gentleman lang ako.”

“O sige na, Mr. Gentleman... 'Nga pala, invited kayo bukas sa social hall,” pahabol niya nang makalabas na ng bahay.

“Ano'ng meron?” tanong nito habang nasa pintuan.

“May program ang SK members para sa lahat... mga palaro at community merienda raw,” pagbabalita niya. “Tapos sa gabi, may sayawan.”

“Okay, sasayaw tayo, ha?” malambing na sabi nito.

Nagrigodon ang puso niya. Aaminin niya, kaya niya iyon ibinalita kay Paris ay dahil umaasa siyang yayayain siya nitong sumayaw. At nagkatotoo nga! Tipid lang siyang ngumiti. Kumaway sila sa isa't isa bago siya tuluyang nakalayo.

Gabi ng sayawan. Pagkatapos kumain ng hapunan, naghanda sina Moonlee, Bella, Donna at Lenny para magpunta sa sayawan, ganoon din si Kgd. Ditas. Ang Tiyo Rogelio na lamang daw nila

ang maiiwan sa bahay. Pumunta sila sa social hall ng baranggay. Maraming tao na ang nadatnan nila roon, pero wala pang gustong sumayaw. Sinimulan ng mga pinsan nila at nakisali na rin silang magkapatid pati na ang ibang dalaga, at si Gab. Iyon ang ikalawang beses niyang makapunta sa sayawan. Noon kasi ay hindi sila basta pinapayagan. Ngayon na lang na kagawad na ang tiyahin nila.

Napansin ni Moonlee na si Mark ang may hawak ng camera na madalas gamitin ni Paris sa pagkuha ng litrato sa baranggay, lalo na kaninang hapon na may mga palaro. Panay rin ang pag-click ng camera. Mayamaya ay dumating si Paris at lumapit sa kanila. Bagong paligo ito at ganoon din si Ervin na kasama nito.

“I-try natin ’yung dragon dance,” alok ni Gab na nangunguna sa bulwagan at sumunod naman sila. Nang magsawa ay may naisip siya.

“Catch the Dragon’s Tail!” aniya.

“Paano ’yun?” tanong nito.

“Parang dragon dance ang formation pero imbis na sasayaw, dalawang grupo tayo ’tapos ’yung isang grupo, tatakbo. ’Yung isa naman, hahabulin ang buntot ng kabila,” paliwanag niya.

“O sige, sige,” excited na sabi nito. “Kaming mga lalaki ang hahabol.”

Naghati sila sa dalawang grupo. Naghiwalay ang mga babae at mga lalaki.

“Ako ’yung buntot sa ’tin,” prisinta ni Moonlee sa mga kasama. Pumayag ang grupo, ngunit pagkatapos ay nakita niya si Paris sa kabilang grupo na siyang nasa unahan at huhuli sa kanya na buntot. Kinabahan siya, ngunit paninindigan na niya ang role.

“*Moonlee of the sky*, ready ka na?” tanong ni Paris.

“Ready, *City of Love!*” sagot niya.

“Okay... One, two, three!”

Todo-takbo silang mga babae, lalo na si Moonlee na tinitiyak na hindi sila nawawasak na grupo, para hindi siya maabutan ni Paris. Naputol ang linya ng mga lalaki pero hindi siya mahabol.

“Belat! Hindi mo ako nahabol,” pagyayabang niya kay Paris. Hinihinal siya.

“Isa pa!” alok nito at binalingan ang mga kasamahang lalaki. “Wag kasi kayong bibitaw.”

“Teka lang, hinihinal pa kami,” pakiusap ni Lara na pinsan din niya.

Makalipas ang ilang minuto, naglaro uli sila. Si Paris pa rin ang hahabol kay Moonlee na siyang buntot. Sa pagkakataong iyon, nahabol siya nito. Nahawakan nito ang balikat niya at napahinto siya sa pagtakbo. Parehas silang tumatawa at humihingal. Nanatili ang isang kamay ng lalaki sa balikat niya, dahilan upang maakbayan siya nito. Hindi rin niya namalayang nasa baywang na rin pala nito ang isang kamay niya. Natauhan lang sila nang mag-click ang camera na hawak ni Mark, sa mismong harapan nila. Marahan at nahihiya silang bumitaw sa isa't isa.

“Hindi kami magpapatalo!” reklamo ni Cresette na kaibigan at kagrupo niya. “Isa pa!”

“O, sige! Isa pa!” hamon ni Ervin.

“Ate Moonlee, ’wag kang magpapahabol kay Kuya Paris!” sigaw ni Bella na halatang ipinaparinig sa kabilang grupo.

Napatingin si Paris sa kanila. “Kayang-kaya kong habulin ang ate mo, Starlee. Para kaming mga magnet, kaya maglalapit at maglalapit kami,” biro nito na may kahalong pagmamayabang.

Nagtawanan ang mga kasama nila. Ikatlong round. Hindi pa sila nagsisimula ay naramdaman na ni Moonlee ang pangangalay ng isang binti niya.

Hindi niya kayang tumakbo. Umalis siya sa grupo at umupo sa malapit na bench. Sinundan siya ni Bella at ng mga pinsan.

“Ate, ano’ng nangyari sa ’yo?” tanong ng kapatid.

“Nangangalay ang binti ko. Mawawala rin ’to,” sagot niya.

Pinaypayan siya ng mga pinsan. “Okay ka lang, Moon?” tanong ni Donna.

Tumango siya. Lumapit sa kanya si Paris. “Moon, ano’ng nangyari sa ’yo?” nag-aalalang tanong nito.

“Nangangalay lang ang binti ko. Hindi ko maigalaw.” Inunat niya ang mga paa sa bench. Umupo sa tabi niya si Paris at pinasandig siya sa katawan nito. Pinaypayan pa siya! Ang sarap ng pakiramdam niya.

“Ganyan talaga kapag tumatanda na...” kanyaw nito.

“Mas matanda ka,” ganti niya at inirapan ito.

“Hindi pa... I’m young at heart.”

“Mas lalo naman ako,” depensa niya at kinuha mula rito ang pamaypay. “Tama na, baka mangalay ka na.”

“Hindi naman, ayos lang. Praktisado na.”

“Sa ilang babae mo na ba ’yan ginawa?” pasimpleng tanong niya.

“Kina Lola at Mommy lang, ’tapos sa ’yo.”

“Sa mga naging ex mo?” usisa niya. Nakailang girlfriends na kaya si Paris?”

“No girlfriend since birth ako,” tanging sabi nito.

Namilog ang mga mata niya sa gulat at napatingin dito. “Talaga lang, ha?”

“Palagi mo na lang akong di pinapaniwalaan...” kunwa’y nagtatampong saad nito. “Hindi ka naniniwalang mabait ako. Hindi ka naniniwalang ayaw ko nang um-absent sa puso mo, este, sa paningin mo...” Lihim siyang napangiti sa narinig at hinayaang magpatuloy ang lalaki. “Ngayon naman, hindi mo pinapaniwalaang di pa ako nagkakaroon ng girlfriend.”

“Ang daldal mo!” nakangising komento niya.

“Mapagduda ka,” anito. Pabiro niyang kinurot ito sa tagiliran. “Aray! Ang bait-bait ko, kinukurot mo ako...”

“*City of Love*, ano’ng ginawa mo kay *Moonlee of the sky*?” tanong ng isa pa niyang pinsang si Jessica na lumapit sa kanila at nakapamaywang kay Paris.

Medyo chubby ito at 'cute' daw na matatawag, ayon kay Paris.

“Inaaway kasi ako. Nakarma tuloy siya,” biro nito at tiningnan si Jessica. “By the way, bagay pala sa 'yo ang pink na damit.”

Tumingin ang babae sa suot nitong t-shirt. “Talaga?” tila natutuwa namang tanong nito.

“Oo, para kang baboy,” tumatawang tugon ni Paris.

“Ang sama mo!” inis na saad ni Jessica. “Pakibatukan nga 'yan, Moon.”

“Yang ugali mo...” sita niya sa lalaki.

“Pintasero!” sabi pa ni Jessica. “Guwapo ka sana't macho...”

“Macho talaga ako!” pagmamayabang pa nito.

“Macho-nurin?” tumatawang tanong niya.

“Macho-nurin sa 'yo? Oo!”

Natameme siya at napakagat-labi. Kaya ayaw niya minsan makipagbiruan kay Paris dahil may mga banat itong nakakapagpatahimik sa kanya. Iniwas niya ang tingin. Wala na ang nararamdaman niyang sakit kaya nagyaya siya.

“Sayaw na tayo,” alok niya. “Nawala na’ng pangangalay ng binti ko.” Inalalayan siya ni Paris papunta sa dance floor at narinig nila ang isang awiting Bikol at sumasayaw ng sang mga tao.

“Ano’ng tawag sa sayaw nila?” tanong nito na nakamasid lamang habang nasa dance floor.

“Square dance,” sagot niya at nagsimulang makisayaw. Natutunan nilang magpipinsan iyon noong nakaraang taon sa sayawan din.

“Papaano ’yan?”

“Madali lang... Halika.” Medyo binagalan niya ang pagsayaw upang turuan si Paris. Hinawakan nito ang kamay niya habang tinuturuan niya ito. “Pakanan. One, two. Kaliwa, one, two. Atras, one, two... Gan’on lang.”

“Isa pa, hindi ko makuha.”

Muli niyang tinuruan ang kausap at hindi naman ito mahirap matuto. Madali nitong nakuha ang steps hanggang sa nakisabay sila sa mga sumasayaw. Pagkaraan ng kalahating oras, nag-iba ang tugtog.

“O, Moon, cha-cha na!”

“Hindi ako marunong.” Nahinto siya sa pagsasayaw.

“Ako naman ang magtuturo sa ’yo.” Hinawakan nito ang mga kamay niya at tinuruan siya. “Step your right foot forward. Isang tap pa... and then, step left forward...”

Siya naman ngayon ang tinuturuan ni Paris, ngunit hindi niya ito makuha. Kahit anong subok niya, hindi niya ma-perfect.

“Alam mo, Moon, s’abi nga, ang cha-cha ay parang ‘love’,” sabi nito habang hawak ang mga kamay niya. “Step one, put your right foot forward. Tinatantya mo ang tugtugin. Ipapasok mo ba ang puso mo sa mundo ng pag-ibig? Step two, tap again your right foot. Parang signal sa partner mo na: *ready, papasok ako*. Step three, step your left foot forward. Ipapasok mo. Magugulat siya. Puwedeng suyuin ka niya... Step four, take a back step using your left foot. Then one, two, and paulit-ulit... That’s it.”

Matiyaga siyang tinuruan nito ng naturang sayaw. Pakiramdam niya, para na rin siyang tinuruan nito kung papaano umibig, dahil katulad nga ng sinabi nito, *‘ang cha-cha ay parang love’*.

Tumulong si Moonlee sa pag-aayos ng social hall matapos ang sayawan kasama ang pamilya.

Napansin niya, hindi rin umalis kaagad si Paris. Nakikipagkuwentuhan ito sa ibang kabataan.

“Moon,” tawag sa kanya ng tiyahin. Kaagad siyang lumapit dito. Iniabot nito ang dalawang magkapatong na monoblock chairs. Naalala niya, ginamit pala iyon kaninang hapon ng lolo at lola niya sa community merienda. “Pakiuwi sa bahay, sa ’tin ’to.”

Kinuha niya ang mga upuan at nagsimulang maglakad pauwi. Nakita niyang papasok na ng bahay ang kapatid at mga pinsan niya. Inilibot niya ang tingin sa paligid upang lihim na hanapin si Paris. *Nasaan na kaya siya?*

“Hi, *Moonlee of the sky!* At your service!” Biglang may kumuha ng mga upuan mula sa kanya. Nang lumingon siya ay si Paris pala ang nagsalita.

“Salamat,” tanging sabi niya. Sinabayan siya nito sa paglalakad at nakita nila si Ervin.

“Ervin, mauna ka nang umuwi. Ihahatid ko lang si Moon.”

Nakangiti namang tumango ang lalaki. Parang nanunukso ang tingin nito sa kanila.

Hindi umiimik si Moonlee habang naglalakad

silang papunta sa bahay nila. Nang makarating doon ay pinatuloy niya ang kasama.

“Magandang gabi po,” bati nito nang matanaw mula sa labas ang pamilya niya.

“O, ikaw na ang nagdala ng upuan...” ani Kgd. Ditas nang makita ito. “Tuloy.”

Nakita niya sa anyo ni Paris na tila nahihiya ito. “Tuloy ka,” alok niya. Magalang na pumasok ito sa loob ng bahay at naupo sa sofa.

“Moon, sabayan mo nang kumain si Paris. Baka gutom na kayo pareho dahil sa kakasayaw n’yo,” anang tiyahin na may himig na nanunudyo.

Lihim siyang napangiti ngunit hindi siya humarap sa binatilyo. Tiningala niya ang wall clock; alas doce na ng hatinggabi. Nakakaramdam na nga siya ng gutom. Napagod siya sa pagsasayaw, kaya parang natunaw lahat ng kinain niya kanina.

Naghanda siya sa mesa at inalok si Paris. “Tara, kain muna tayo.”

Magkasalo sila na kumain sa mesa at nagkuwentuhan sa mahinang tinig dahil alam niyang natutulog na ang mga kasama niya sa bahay. Pagkatapos kumain, tinulungan siya nitong magligpit

at nagyaya ito sa bench sa labas ng bahay nila. Tila ayaw pa nitong umuwi. Natuwa naman siya sa ideyang magkukuwentuhan pa sila nang matagal. Tatal, hindi naman siguro magagalit ang tiya at tiyo niya dahil naroroon lang sila sa labas ng bahay.

Magkatabi silang naupo sa bench at nagdikit ang mga balikat nila. Hindi mapakali ang puso ni Moonlee. Para itong nagririgodon o sumasayaw ng cha-cha. Kinalma niya ang sarili. May dinukot si Paris sa bulsa ng shorts nito at iniabot iyon sa kanya. Nagulat siya nang makitang imported chocolates iyon.

“For you,” anito.

Nakaramdam siya ng kilig ngunit hindi ipinahalata. Tinanggap niya ang chocolates. “Salamat... Valentine’s Day na ba?” biro niya upang pagaanin ang loob.

“Bakit? Tuwing Valentine’s Day lang ba puwedeng magbigay ng chocolates?” tanong nito.

“Hindi naman,” aniya. “Salamat uli... Pero s’an ka nakabili nito?” nagtatakang tanong niya.

“Sa Naga, binili ko n’ong umuwi ako sa amin sa Legazpi City. Hindi ko lang naibigay kaagad sa ’yo. Nahihiya kasi ako.” Base sa boses ni Paris, waring

nahihiya nga ito.

Napangiti siya. “Bakit ka naman mahihiya?”

Nakangiti lang na umiling ito.

“Gusto ko na rin uli pumunta ng Naga,” pag-iiba niya ng usapan dahil tila hindi na nito alam kung ano ang sasabihin.

“May gagawin ka ba d’on?”

“Magpapa-parlor,” tumatawang sabi niya. “Ang dumi na kasi ng nails ko,” aniyang tiningnan pa ang mga kuko sa kamay. “Pati sa paa... Saka kailangan ko na rin magpa-hair spa. Ang lagkit na ng buhok ko...”

“Porque ba madumi’ng mga kuko mo’t malagkit na ang buhok mo, hindi ka na maganda?” tanong nito na nanlaki ang mga mata.

Natawa siya sa ekspresyon nito. “Hindi naman sa gan’on, pero...”

“Moon, you’re beautiful,” masuyong sabi ng binata.

Natigilan siya. Hindi niya inaasahang sasabihin iyon ni Paris.

“Yes, you are.” Nakatitig ito sa kanya, parang pinag-aaralan ang bawat detalye ng kanyang mukha.

Napalunok siya. Hindi maaaring manatili silang ganoon. Kailangan niyang putulin ang moment na iyon. Pilit siyang tumawa. “Bolero ka talaga!”

Ngunit hindi tumawa si Paris. Tumingin ito sa kawalan at hindi umimik nang ilang saglit.

“Hoy, okay ka lang?” untag niya. “Nagbibiro lang ako.” Baka nagalit ito sa ginawa niya.

Tipid ang ngiting tumingin ito sa kanya at hinawakan ang isa niyang kamay. “Moon, puwede ba akong manligaw?”

Nagulat siya. “H-ha?”

“S’abi ko, kung puwede ba akong manligaw...” ulit nito. Napakalapit na ng mukha ng lalaki sa kanya at naaamoy niya ang mabangong hininga nito, pati ang cologne na dumikit sa t-shirt nito. “Moon?”

Natauhan siya at napatingin dito. Marahan niyang binawi ang kamay at napakagat-labi. Hindi siya makatingin nang derecho sa mga mata nito. “K-kasi... hindi pa ako puwedeng magka-boyfriend, s’abi ng parents ko, hangga’t hindi pa ako eighteen...” nag-aalangang sabi niya.

“Handa akong maghintay. Dalawang taon na lang naman, di ba?” anito na may halong pakiusap.

The Heart Of Paris - Fely Umali

Oh, dearest Lord... I can't resist anymore! Tulungan N'yo po ako...

“Hindi kita pipilitin, pero handa akong maghintay... Kahit tapos na ang bakasyon, hindi ako titigil sa panliligaw ko sa 'yo...”

Hindi niya namalayan, tumango pala siya at nakangiti na sila sa isa't-isa...

3

And if I'll never have another love, well, at least I had last night. Now I know how the feeling grows 'coz you make me feel alive. I'll never get enough, never get enough, never get enough of you..."

Napangiti si Moonlee nang marinig ang awiting iyon ng *Air Supply*. Hinila niya ang unan at mahigpit na niyakap iyon. Naalala pa rin niya ang mga nangyari nang nagdaang gabi. Sumayaw sila ni Paris, inihatid siya nito sa bahay nila, magkasabay silang kumain at nagkuwentuhan sa labas, hanggang sa nagtapat ito sa kanya ng pag-ibig...

"Alam mo ba na n'ong concert pa lang ng BB, hindi ka na nawala sa isip ko? Hindi ko akalaing magkikita tayo uli at dito pa sa San Rafael! Kahit saang anggulo kita tingnan, maganda ka pa rin. Pero siyempre, hindi lang ang panlabas na anyo ang nakita ko sa 'yo... Pati na rin ang maganda mong kalooban..."

Parang nakikita pa niya ang mukha ng lalaki habang inaalala ang sinabi nito nang nakalipas na gabi. Nagkasundo silang mananatiling magkaibigan at itago muna ang panliligaw nito dahil natatakot siyang malaman iyon ng kanyang pamilya. Baka

pagalitan siya at ilayo sila ni Paris sa isa't isa.

Masaya siyang bumangon mula sa higaan at lumabas ng silid. Dumungaw siya sa bintana ng sala nila kung saan kitang-kita ang bahay ni Lola Liza. Hindi niya inaasahang sa pagdungaw niya ay nakadungaw rin pala si Paris sa bintanang katapat. Kapwa sila nakangiti sa isa't isa.

Maganda ang sumunod na mga araw at buwan para kay Moonlee. Nanatili silang magkaibigan ni Paris sa harapan ng maraming tao, ngunit panay ang palitan nila ng love letters na ipinapaabot kay Ervin, o minsan kay Gab o kaya ay kay Mark. Nagkikita pa rin sila sa open court at madalas makipaglaro sa mga bata, pero hindi sila nagpapahalatang may pagtingin sila sa isa't isa.

Tuwing Linggo, sumasama sa kanila na magsimba si Paris at ang mga pinsan nito. Choir member siya ng simbahan kaya hindi sila nagkakatabi tuwing misa, ngunit pasimple silang nagpapalitan ng masusuyong mga ngiti at tingin. Nang sumapit ang Hunyo, bumalik si Paris at ang mga pinsan nito ng Naga City at ganoon din sina Moonlee at Donna. Balik-eskuwela at dormitory sila, ngunit paminsan-minsan ay nagkikita sila ni Paris sa mga kainan malapit sa mga paaralan nila.

Patuloy pa rin ang pagpapalitan nila ng sulat. Ibinahagi nito sa kanya ang ilang litrato niyang kuha nito. Labis siyang nagandahan sa mga iyon kaya idinikit niya sa pader ng silid. Ibinahagi rin niya kay Paris ang hilig sa pagkanta. Nagulat na lamang siya nang makatanggap ng CD mula rito at may kalakip na sulat. May na-compose daw itong kanta para sa kanya. Maikli lamang ang awit ngunit na-appreciate niya nang lubusan. Ang mga sumunod na CDs na kanyang natatanggap ay hindi na orihinal na komposisyon ni Paris. Tinig pa rin nito ang naririnig niya ngunit awitin ng iba't ibang sikat na artists.

Nagpadala rin ito ng larawan ng silid nito. Nagulat siya nang makitang puno ng larawan niya ang dingding ng kuwarto ng lalaki. Mayroon ding larawan ng ibang bagay at ibang kasamahan nila sa San Rafael, ngunit mas marami ang kuha sa kanya. Hindi basta larawan ang mga iyon kundi puwedeng pang-exhibit. Tila isa itong professional photographer. Hiniling niya ritong turuan siya ng magandang pagkuha ng larawan. Simula noon, mas nangibabaw ang hilig niya sa photography kaysa sa pag-awit.

Nakatanggap si Moonlee ng dalawang tickets

para sa stage play na gaganapin sa paaralan ni Paris ngayong darating na Sabado. May tatlong dula at ang mga pamagat ay *Ama, Anak, Kapatid, Ang Huling Kartero* at *Sisa*.

Kasama ng ticket ay sulat ni Paris na nagpapaanyayang manood sila ni Donna ng stage play. Tanging ang pinsan lang kasi ang kasama niya sa Naga dahil nasa iisang paaralan sila. Si Lenny ay nagtatrabaho na sa bayan nila at si Bella naman ay nasa elementary pa lamang. Ipinagbigay-alam pa ng binatilyo na bida raw ito sa isa sa tatlong dula. Nakaramdam siya ng excitement, lalo na nang sabihin ni Paris na isa raw siya sa mga inspirasyon nito sa dulang iyon.

Gabi ng stage play. Magkakasama sa loob ng gym sina Moonlee, Donna, Ervin, Gab at Mark upang panoorin ang pagtatanghal na kinabibilangan ni Paris. Unang nagtanghal ang grupo nito na bumubuo sa dulang pinamagatang *Ama, Anak, Kapatid*. Kuwento iyon ng isang pamilya. Ang amang si Ramon—ang role na ginagampanan ni Paris—ay isang OFW sa Dubai at labis ang pangungulila sa pamilya. Inaalok ito ng kasamahang OFW na subukan ang panandaliang aliw, ngunit mahigpit na tumanggi si Ramon sa dahilang mahal nito ang pamilya, ngunit sa huli ay may nangyari kay Ramon at sa kasama nitong lalaking

OFW. Napakagaling ni Paris dahil dalang-dala sila sa bawat eksena. Mahusay itong aktor.

Napunta sa Pilipinas ang sunod na eksena. Ipinakita ang pamilya ni Ramon. Ang asawa nitong si Susan ay ginagampanan ng napakagandang babae na sa tingin niya ay Miss Prim-and-Proper. Simple lamang ito ngunit maganda at napakahinhin magsalita. Ang anak ng mga itong si Johnny na ginagampanan naman ng chubby na lalaki na nakapormang pambata ay magaling din na aktor. Inaabangan ng pamilya ang pag-uwi ni Ramon. Nang dumating na ito, nakita ang pananabik ng pamilya, lalo na ni Johnny na lihim na itinatago ang pagiging binabae. Si Susan naman ay halatang sabik na mayakap ang asawa, ngunit hindi magawa dahil nagsulputan ang mga kamag-anak at kaibigang gustong makita si Ramon.

Nang sumapit ang gabi at tulog na ang lahat, naiwan sina Ramon at Susan sa sala, ipinapahayag kung gaano sila nangungulila sa isa't isa. Naroroon na nagyakapan ang dalawa at kunyaring naghalikan at hinubad ang kani-kanilang mga jacket, hanggang sa namatay ang mga ilaw.

Gustong maiyak ni Moonlee sa eksenang iyon. May ibang babaeng kayakap si Paris. Parang napakatinding selos ang nararamdaman niya nang

mga sandaling iyon. Hanggang sulyapan at sulatan lamang kasi sila samantalang ang babaeng gumaganap na Susan ay napakasuwerte sapagkat malaya nitong nakakausap at nalalapitan si Paris. Nayayakap pa nito at nalalambing kahit sa dula lamang. Gusto niyang mag-walk out at umiyak, ngunit hindi pa tapos ang palabas. Tiniis muna niya ang nararamdamang sakit.

Ipinakita sa eksena na pag-alis ni Ramon ng Pilipinas, may nangyaring pagtitinginan kay Susan at sa kapatid ni Ramon na si Lucas. Naipakita rin sa eksena ang pag-amin ni Susan na hindi kay Ramon ang dinadala nitong bata kundi kay Lucas. Namatay si Ramon sa sakit na AIDS at inuwi ang bangkay nito sa Pilipinas. Si Susan naman ay hindi mapatawad ang sarili kaya nagpakamatay. Naiwan ang batang si Johnny sa pangangalaga ni Lucas.

Nang ipakilala ang mga nagsipagtanghal, magkatabing nakatayo ang mga gumanap na Ramon, Susan at Johnny at nakita ni Moonlee na mahigpit na naghawak-kamay si Paris at babaeng gumanap na Susan at nagpalitan pa ang mga ito ng matamis na ngiti. Nang muling magsara ang kurtina, nagpaalam si Moonlee na pupunta sa rest room, ngunit hindi siya dumerecho roon kundi sa madilim na bahagi sa labas ng gym.

Gusto niyang mamatay sa selos dahil iba ang kahawak-kamay ng lalaking kanyang itinatangi. Iba ang kayakap nito. It may sound silly because it was just a play, but she was really jealous. She kept on crying. She wanted to give Paris a hug, to hold his hand, to smile at him freely... Pero hindi maaari.

Nasa ganoong sitwasyon siya nang makita niyang lumabas sa pinto ng backstage ng gym ang grupo ni Paris. Suot pa ng mga ito ang mga isinuot kanina sa play kaya nakilala niya kaagad. Huling naglalakad si Paris at ang babaeng gumanap na asawa nito sa dula. Masayang nagkukuwentuhan ang dalawa at nagtatawanan pa. Lalo siyang napaiyak sa selos. Akala niya ay hindi siya makikita ni Paris, ngunit parang awtomatikong napalingon ito sa kanya nang dumaan sa kinaroroonan niya. Nagpaalam ito sa mga kasama at nag-aalalang lumapit sa kanya.

“Hey, Moonlee!” masuyong sabi nito. “Why are you crying?” Inakbayan pa siya nito at pinunasan ang kanyang luha gamit ang sarili nitong panyo.

Tumahan siya at umiling. Nahihiya siyang makita nitong umiiyak.

“Come on, tell me... Is there something wrong?” tanong nito. Gusto niyang bumigay dahil sa malambing nitong tinig.

Napayakap siya kay Paris at mahigpit naman siyang niyakap nito. Naramdaman pa niya ang paghalik nito sa noo niya. “It’s all right, Baby... I’m here.”

Tuluyan na siyang tumahan. She felt safe in his loving arms. She was calmed by his presence. Marahan siyang binitawan nito at masuyong tinitigan. “Can you tell me what happened?”

Nag-iwas siya ng tingin dahil hindi niya alam ang sasabihin.

“Moon?”

“You’re a great actor,” nakangiting sabi niya.

“Napanood mo?” tanong pa nito na tila hindi makapaniwala.

Tumango siya at ngumiti.

“You’re one of my inspirations, alam mo ba ’yon? Pinaghandaan ko talaga para sa ’yo... Gusto ko kasing mapanood mo. At gusto kong mapatunayan na ikaw ang inspirasyon ko sa lahat ng ginagawa ko. Mahal kasi kita, Moon.”

“Mahal din kita, Paris...” Wala nang dahilan upang itago niya ang damdamin para rito. Dala ng matinding selos, umamin na siya.

Nagliwanag ang mukha nito at tila hindi makapaniwala. “Puwede mo bang ulitin ’yung sinabi mo?”

“M-mahal din kita, Paris...” nahihiyang sabi niya.

Sa sobrang kaligayahan ay napasigaw ito at nabuhat pa siya. Natatawa siyang nakiusap na ibaba siya. Nang ibaba siya nito, mahigpit silang nagyakap.

“Akala ko, dalawang taon pa bago ko marinig ’yan,” anito.

Napakagat-labi siya. “Selos kasi ako kay Susan,” amin niya.

Natawa ito at inakbayan siya. “Talaga? You don’t have to be jealous. Trabaho lang ’yon... for the sake of our grade.”

“Pero bagay kayo,” biro pa niya.

“Mas bagay tayo,” tanging sabi nito. “Bakit ka nga pala umiiyak kanina?”

“Selos nga ako,” kunwari’y inis na tugon niya.

Tumawa si Paris at nakaakbay ito sa kanya nang pumasok sila sa gym.

Masayang-masaya si Moonlee. Hindi pa rin siya makapaniwalang may boyfriend na siya, at si Paris iyon. Madalas pa rin silang magpalitan ng sulat at kumakain nang sabay ngunit may mga kasama. Ayaw nilang makarating sa kanyang mga magulang, kina Lola Liza at Tiya Ditas o Tiyo Rogelio na lumalabas sila ni Paris nang silang dalawa lamang. Suportado sila ng mga pinsan nito at ni Donna. Pumapayag ang mga itong maging chaperone nila. Para kung may makakita man sa kanila na taga-San Rafael, iisiping magkakaibigan lamang sila.

Ngunit dumating siguro sa puntong napagod na si Moonlee sa sitwasyon. Kung minsan, gusto niyang sila na lamang ni Paris ang lumabas, ngunit hindi ito pumapayag para na rin daw sa kanya. Para hindi makarating sa mga magulang niya.

She loved him, yes. But she was tired of just seeing him at a distance whenever she was alone. She was tired of going on a date with him with a chaperone. She was tired of just giving letters, exchanging text messages and speaking with him through cellphone instead of having conversation in person.

She missed the time they were still in San Rafael, noong hindi pa ito nanliligaw sa kanya. She was tired of their situation and of lying to her guardians. She

The Heart Of Paris - Fely Umali

felt guilty everytime she went home to San Rafael and could not meet her guardians' eyes when they simply mention Paris' name, so she broke up with him...